Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa panghalip na pamatlig

Panuto: Salungguhitan ang panghalip na pamatlig sa bawat bilang.

1. Nakikita mo ba sa mapa ang Lungsod ng Tagaytay? Diyan tayo pupunta sa Sabado.
2. Akin ang itim na backpack. Ito ang dadalhin ko sa biyahe.
3. May puting sasakyan na dumating. Iyon ba ang sasakyan natin?
4. Ang puting van ang gagamitin natin. Bagong ayos ang makina nito.
5. Dito ka umupo sa tabi ko para magkausap tayo.
6. Huwag kayong mag-alala. Parating na kami riyan.
7. Nauna na sila sa hotel. Magkita na lang daw tayo roon.
8. Bababa na tayo ng van. Iwan mo rito ang bag mo.
9. Ngayon lang ako nakarating sa Tagaytay. Malamig pala rito.
10. Ang bulkan ay ang Bulkang Taal. Iyon ang pinakamaliit na bulkan sa Pilipinas.
11. Kunan natin ng ritrato ang bulkan. Kamera mo ba iyan?
12. Doon tayo tumayo para maganda ang ritrato na makuha mo.
13. Itatago ko na ang kamera. Mahina na ang baterya nito.
14. Sa Wena's tayo pumunta. Kilala ko ang may-ari niyon.
15. Mayroong kasaba keyk na binebenta riyan.
16. Dito namin binili ang mga pasalubong.
17. May *strawberry cheesecake* sila. Nakatikim na ako niyan.
18. Masarap ang *blueberry cheesecake* na natikman ko. Ano nga ba ang mga sangkap niyon?
19. Ang ibang sangkap niyan ay mula sa ibang lalawigan.
20. Bumili ako ng masarap na buko pie. Tiyak na magugustuhan ito ng mga anak ko.